

EXHIBIT "A"

PATAKARAN SA PAGPUTOL NG PANTAHANANG SERBISYO SA TUBIG

DAHIL SA HINDI PAGBAYAD

Sa kabila ng anumang iba pang patakaran ng Lungsod, ang Patakarang ito sa Pagputol ng Pantahanang Serbisyo sa Tubig dahil sa Hindi Pagbayad ay malalapat sa pagputol ng pantahanang serbisyo sa tubig ng Lungsod dahil sa hindi pagbayad sa ilalim ng mga probisyong itinakda rito. Kung sakaling magkaroon ng salungatan sa pagitan ng Patakarang ito at anumang iba pang patakaran ng Lungsod, mananaig ang Patakarang ito.

- I. **Kung Saan Nalalapat ang Patakarang; Numero ng Telepono Kung Saan Maaaring Makipag-ugnay:** Iniisa-isa ng Patakarang ito ang mga administratibong pagkilos ng Lungsod para sa pangongolekta ng mga delinkuwenteng account, kabilang ang mga abiso, pagtatasa ng mga bayarin at pagputol ng pantahanang serbisyo sa tubig. Makikita ng publiko ang Patakarang ito sa website ng Lungsod at ito ay nakasalin sa mga sumusunod na wika: Spanish, Chinese, Tagalog, Vietnamese, at Korean. Maaaring makipag-ugnay sa Utility Billing Customer Service Division ng Lungsod sa pamamagitan ng telepono sa (909) 798-7516 para talakayin ang mga opsyon para maiwasan ang pagputol ng pantahanang serbisyo sa tubig dahil sa hindi pagbayad sa ilalim ng mga tuntunin ng patakarang ito.

Ang patakarang ito ay angkop lamang sa pantahanang serbisyo sa tubig dahil sa hindi pagbayad at patuloy na malalapat ang mga umiiral na patakaran at pamamaraan ng Lungsod sa mga komersyal at pang-industriyang account ng serbisyo sa tubig.

II. **Pagputol ng Pantahanang Serbisyo sa Tubig dahil sa Hindi Pagbayad:**

- A. **Pag-isyu at Pagbabayad ng mga Bill:** Ang mga bill para sa serbisyo ng tubig ay ipinepresenta sa bawat customer kada dalawang buwan (anim na beses bawat taon). Ang mga bill para sa serbisyo ay dapat bayaran pagka-isyu at magiging huli at sasailalim sa 1) singil sa pagkahuli ng bayad tulad ng tinukoy sa RMC 13.12.020 (B), at 2) pagputol ng serbisyo kung hindi nabayaran sa loob ng animnapung (60) araw mula sa petsa ng bill
- B. May ilang opsyon sa pagbabayad na magagamit, na higit na dinetalye sa ibaba at isinalarawan sa Talahanayan 1 – Matrix ng mga Opsyon sa Pagbabayad.
 - Sa pamamagitan ng Koreo
 - Night Drop Box
 - Personal
 - Tseke sa pamamagitan ng Telepono
 - 1-2-3 Done! Program
 - Online Banking (Opsyon na Pagbabayad ng Bill)
 - Speed Pay ACI –

- i. Online sa pamamagitan ng MyRedConnect
 - ii. Voice Response Unit (VRU)
 - iii. Extranet
- C. Gayunpaman, responsibilidad ng customer na tiyakin na natanggap ng Lungsod ang bayad ayon sa mga takdang panahon na isinaad ng RMC 13.12.020. Ang mga paunang bayad (partial payment) ay hindi pinapayagan maliban lamang kung natanggap ang paunang pag-apruba mula sa Lungsod. Ang mga bill ay kakalkulahin ayon sa mga sumusunod:
1. Babasahin ang mga metro sa regular na agwat para sa paghahanda ng mga panapahong bill at tulad ng kinakailangan para sa paghahanda ng mga opening bill, closing bill, at espesyal na bill.
 2. Ang mga bill para sa nakametrong serbisyo ay magpapakita ng pagbabasa ng metro para sa kasalukuyan at nakaraang pagbabasa ng metro kung para saan iniisyu ang bill, bilang ng mga yunit, petsa at mga araw ng serbisyo para sa kasalukuyang pagbabasa ng metro.
 3. Ang mga bill ng mga customer ay dapat bayaran sa salaping legal na tinatanggap sa Estados Unidos. Sa kabila ng naunang nabanggit, ang Lungsod ay may karapatang tanggihan ang anumang pagbabayad ng nasabing bill gamit ang barya.
- D. Mga Delingkuwenteng Account: Ang mga delingkuwenteng account ay tinutukoy bilang anumang account na nananatiling hindi bayad (at walang isinagawang kaayusan sa pagbabayad bago pa man o walang naitatag na alternatibong iskedyl ng pagbabayad) sa oras ng pagsara ng negosyo 25 araw pagkalipas ng petsa ng bill sa customer.
1. Singil sa Pagkahuli ng Bayad: Anuman at lahat ng singil sa pagkahuli ng bayad ay tatasahin ng Lungsod sa account ng customer para sa serbisyo sa tubig tulad ng nakasaad sa RMC 13.12.020.
 2. Abiso ng Pagiging Overdue: Hindi puputulin ng Lungsod ang serbisyo sa tubig dahil sa hindi pagbayad hanggang naging delingkuwente ang pagbabayad ng customer nang hindi bababa sa animnapung (60) araw. Magsasagawa ang Lungsod ng responsable, at may mabuting layon na pagsisikap na makipag-ugnay sa customer sa pamamagitan ng sulat nang hindi bababa sa pitong (7) araw ng negosyo bago ang pagputol ng mga serbisyo sa tubig dahil sa hindi pagbayad.
- Kung ang address ng customer ay hindi ang address ng property kung saan ipinagkakaloob ang serbisyo, magpapadala ang Lungsod ng pangalawang abiso sa address ng serbisyo nang hindi bababa sa sampung (10) araw ng negosyo bago ang pagputol ng mga serbisyo sa tubig dahil sa hindi pagbayad, na nakapangalan sa "Nakatira (Occupant)." Ang Abiso ng Paalala sa Matagal nang Dapat Bayarang

Halaga (Past Due Reminder Notice) at Panghuling Abiso ay maglalaman ng sumusunod:

- a. Pangalan at address ng customer;
- b. Halagang delingkuwente;
- c. Petsa kung kailan dapat isagawa ang pagbabayad o kaayusan sa pagbabayad para maiwasan ang pagputol ng serbisyo;
- d. Paglalarawan ng proseso para mag-aplay para sa isang plano ng pagbabayad
- e. Paglalarawan ng pamamaraan upang tutulan o i-apela ang isang bill
- f. Numero ng telepono ng lungsod at isang web link sa nakasulat na Patakarang ng Lungsod sa Pagputol ng Pantahanang Serbisyo sa Tubig dahil sa Hindi Pagbayad.

Ang Lungsod ay maaari ring magbigay ng abiso sa customer tungkol sa nakabinbin na pagputol ng serbisyo sa pamamagitan ng telepono. Kung ang abisong iyon ay isinagawa sa pamamagitan ng telepono, mag-aalok ang Lungsod na magbigay sa customer ng kopya ng patakarang ito at mag-aalok din na talakayin sa customer ang mga opsyon para sa mga alternatibong pagbabayad, tulad ng inilarawan sa Seksyon III, sa ibaba, at ang mga pamamaraan para sa pagsusuri at pag-apela ng bill ng customer, tulad ng inilarawan sa Seksyon IV, sa ibaba.

3. Hindi Makontak ang Customer: Kung hindi makontak ng Lungsod ang customer sa pamamagitan ng nakasulat na abiso (hal. isang ipinadala sa koreo na abiso ay ibinalik dahil hindi maipadala o *undeliverable*) o sa pamamagitan ng telepono, magsasagawa ang Lungsod ng may mabuting layon na pagsisikap upang bisitahin ang tirahan at mag-iwan ng, o gumawa ng iba pang kaayusan para mailagay sa isang kapansin-pansin na lokasyon ang, isang abiso ng napipintong pagputol ng serbisyo dahil sa hindi pagbayad, at isang kopya ng Patakarang ito.

4. Deadline ng Pagputol: Ang bayad para sa mga singil sa serbisyo sa tubig ay dapat matanggap ng Lungsod nang hindi lalampas ng alas-4 ng hapon sa petsang tinukoy sa Abiso ng Paalala sa Matagal nang Dapat Bayarang Halaga (Past Due Reminder Notice) at Panghuling Abiso. Hindi tinatanggap ang mga postmark.

E. Mga Kondisyon na Nagbabawal sa Pagputol: Hindi puputulin ng Lungsod ang serbisyo sa tubig kung natugunan ang LAHAT ng sumusunod na kondisyon:

1. Mga Kondisyon sa Kalusugan: Ang customer ng serbisyo sa tubig ng lungsod o ang nangungupahan sa customer ay nagsumite ng sertipikasyon mula sa isang Pangunahing Tagapagkaloob ng Pangangalaga tulad ng tinukoy sa Seksyon 14088 ng California Welfare and Institutions Code na ang pagputol ng pantahanang serbisyo sa tubig ay magiging banta sa buhay, o magdudulot ng malubhang banta sa

kalusugan at kaligtasan ng residente ng tirahan kung saan ipinagkakaloob ang pantahanang serbisyo;

2. Kawalan ng Pinansyal na Kakayahan – Ipinapakita ng customer na siya ay walang kakayahang bayaran ang serbisyo sa tubig sa loob ng normal na siklo ng billing ng Lungsod. Itinuturing ang isang Customer na “walang kakayahang magbayad” kung ang sinumang miyembro ng sambahayan ng customer ay kasalukuyang tumatanggap ng mga sumusunod na benepisyo: CalWORKS, CalFresh, pangkalahatang tulong, Medi-Cal, SSI/State Supplementary Payment Program o California Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants and Children; o idineklara ng customer na ang taunang kita ng sambahayan ay mas mababa sa 200% ng pederal na antas ng kahirapan; at
 3. Alternatibong mga Kaayusan sa Pagbabayad – Handa ang customer na pumasok sa isang alternatibong iskedyul ng pagbabayad na naaalinsunod sa mga probisyon ng Seksyon III, sa ibaba.
- F. Proseso ng Pagtukoy ng mga Kondisyon na Nagbabawal ng Pagputol: Ang customer ang may responsibilidad na patunayan ang pagtalima sa mga kondisyon na inilarawan sa Subdivision (E) na nasa itaas. Upang mabigyan ang Lungsod ng sapat na oras para iproseso ang kahilingan sa tulong ng customer, hinihikayat ang customer na ibigay sa Lungsod ang mga kinakailangang dokumentasyon na nagpapakita ng mga isyung medikal sa ilalim ng Subdivision (E)(1), kawalang kakayahang pinansyal sa ilalim ng Subdivision (E)(2) at pagiging handang pumasok sa anumang alternatibong kaayusan sa pagbabayad sa ilalim ng Subdivision (E)(3) nang pinakamaaga hangga’t maaari bago ng anumang iminumungkahing petsa para sa pagputol ng serbisyo. Pagkatanggap ng naturang dokumentasyon, susuriin ng Customer Service Division ang dokumentasyong iyon at tutugunan ang customer sa loob ng pitong (7) araw upang humiling ng karagdagang impormasyon, o abisuhan ang customer ng alternatibong kaayusan sa pagbabayad, at mga tuntunin nito, sa ilalim ng Seksyon III, sa ibaba, kung saan papahintulutan ng Lungsod ang customer na makilahok. Kung humiling ng karagdagang impormasyon ang Lungsod, ibibigay ng customer ang hiniling na impormasyon sa loob ng limang (5) araw mula sa pagkatanggap sa kahilingan ng Lungsod. Sa loob ng limang (5) araw ng pagkakatanggap ng karagdagang impormasyon na iyon, aabisuhan ng Lungsod ang customer kung hindi niya natugunan ang mga kondisyon sa ilalim ng Subdivision (E), sa itaas, o aabisuhan ang customer ng alternatibong kaayusan sa pagbabayad, at mga tuntunin nito, sa ilalim ng Seksyon III, sa ibaba, kung saan pinahihintulutan ng Lungsod na makilahok ang customer.
- G. Para sa Kasero-Nangungupahan: Ang mga pamamaraan sa ibaba ay naaangkop sa mga bukod na tirahan na pang-isang pamilya na may indibidwal na metro, mga pantahanang

istraktura na maraming yunit at mga parke ng mga mobile home (trailer van) kung saan ang may-ari ng property o manager ang customer na nasa record.

1. Kinakailangang Abiso: Dapat magsagawa ang Lungsod ng may mabuting layon na pagsisikap para ipaalam sa mga nangungupahan/naninirahan sa property sa pamamagitan ng nakasulat na abiso na puputulin ang serbisyo sa tubig nang hindi bababa ng 10 araw kung ang property ay isang pantahanang istraktura na may maraming yunit, o 7 araw kung ang property ay bukod na tirahan na pang-isahang pamilya, bago ng posibleng pagputol ng serbisyo sa tubig. Dapat nakasaad din sa nakasulat na abiso na may karapatan ang mga nangungupahan/naninirahan na maging customer at sa kanila na ipapangalan ang bill ng serbisyo (tingnan ang Subdivision 2, sa ibaba), nang hindi nila kailangang bayaran ang anuman sa mga delingkuwenteng halaga.
2. Para Maging Customer ang mga Nangungupahan/Naninirahan: Hindi inaatas sa Lungsod na gawing available ang serbisyo sa mga nangungupahan/naninirahan maliban na lang kung sumang-ayon ang bawat isang nangungupahan/naninirahan sa mga tuntunin at kondisyon para sa serbisyo at natugunan ang mga rekisito at alituntunin ng Lungsod.
 - a. Gayunpaman, kung (i) inako ng isa o higit pa sa mga nangungupahan/naninirahan ang responsibilidad para sa mga sumusunod na pagsingil sa account sa ikasisiya ng Lungsod, o (ii) mayroong pisikal na pamamaraan upang pili lang ang puputulan ng serbisyo sa mga nangungupahan/naninirahan at ito ay para sa mga hindi nakatugon sa mga rekisito ng Lungsod, maaaring gawing available ng Lungsod ang serbisyo para lang doon sa mga nangungupahan/naninirahan na nakatugon sa mga rekisito.
 - b. Kung kondisyon ang pagkakaroon ng serbisyo para sa isang partikular na haba ng panahon para maitatag ang credit sa Lungsod, ang paninirahan sa property at katibayan ng nasasaoras na pagbabayad ng upa para sa haba ng panahon na iyon, sa ikasisiya ng Lungsod, ay katanggap-tanggap na katumbas.
 - c. Kung naging customer ng Lungsod ang isang nangungupahan/naninirahan at kabilang sa mga pagbabayad sa upa ng nangungupahan/naninirahan ang pantahanang serbisyo sa tubig kung saan ang mga pagsingil na iyon ay hindi hiwalay na nakasaad, maaaring ibawas ng nangungupahan/naninirahan ang lahat ng makatuwirang singil na ibinayad sa Lungsod noong nakaraang bayaran mula sa mga bayad sa upa sa hinaharap.

- III. Mga Alternatibong Kaayusan sa Pagbabayad: Para sa sinumang customer na nakakatugon sa tatlong kondisyon sa ilalim ng Seksyon II(E), sa itaas, alinsunod sa proseso na itinakda sa

Seksyon II(F), sa itaas, aalukin ng Lungsod ang customer ng isang kaayusan sa pagbabayad kung saan kasama ang amortisasyon ng hindi nabayaranang balanse sa ilalim ng Subdivision (A), sa ibaba.

A. **Amortisasyon:** Sinumang customer na hindi kayang magbayad ng serbisyo sa tubig sa loob ng normal na panahon ng pagbabayad ng Lungsod at natutugunan ang tatlong kondisyon sa ilalim ng Seksyon II(C), sa itaas, na kukumpirmahin ng Lungsod, ay maaaring pumasok sa isang planong amortisasyon sa Lungsod na may mga sumusunod na tuntunin:

1. **Panahon ng Pagbayad:** Babayaran ng customer ang hindi bayad na balanse, na ibinawas ang dalawampung porsyentong (20%) down payment na babayaran agad, sa loob ng panahon na hindi lalampas sa labindalawang (12) buwan. Ang hindi bayad na balanse na binawasan ng 20% na downpayment ay hahatiin sa anim (6) na pantay na paghulog at ang halagang iyon ay idadagdag bawat buwan sa patuloy na mga bill kada buwan sa customer para sa serbisyo sa tubig.
2. **Downpayment:** Para sa anumang naaprubahang planong amortisasyon, babayaran ang dalawampung porsyento (20%) na downpayment agad sa oras na pumasok sa isang kaayusan sa pagbabayad sa Lungsod bilang kondisyon ng pagpasok sa isang kaayusan sa pagbabayad.
3. **Pagtalima sa Plano:** Dapat tumalima ang customer sa planong amortisasyon at manatiling bayad habang nagtatamo ng mga singil sa bawat sumusunod na panahon ng pag-bill. Hindi maaaring humiling ang customer ng karagdagang amortisasyon ng anumang susunod na mga singil na hindi nabayaran habang nagbabayad ng mga delinkuwenteng singil alinsunod sa isang planong amortisasyon. Kung nabigo ang customer na tumalima sa mga tuntunin ng planong amortisasyon nang animnapung (60) araw o higit pa, o nabigong bayaran ang kasalukuyang mga singil sa serbisyo nang animnapung (60) araw o higit pa, maaaring putulin ng Lungsod ang serbisyo sa tubig sa customer sa address ng serbisyo nang hindi bababa sa limang (5) araw ng negosyo pagkatapos magpaskil ang Lungsod sa tirahan ng customer ng panghuling abiso tungkol sa nilalayon nitong pagputol ng serbisyo.
4. **Prayoridad sa Pagbabayad:** Kailangang manatiling nakakapagbayad ang customer sa bago at kasalukuyang mga singil kasabay ng plano ng pagbabayad.

IV. **Mga Apela:** Ang pamamaraang gagamitin para i-apela o kontestahin ang halagang nakasaad sa anumang bill para sa pantahanang serbisyo sa tubig ay ayon sa sumusunod, alinsunod sa RMC 13.12.070, 13.16.030 at 13.04.010(B):

- A. Mga Kinokontestang Bill: Kung sakaling may reklamo ang customer na sobra ang singil sa kanyang bill sa tubig, magsasagawa ng muling pagbabasa ng metro at susuriin iyon para matukoy kung mayroong mga tagas sa metro. Kung walang makitang tagas sa metro, tatanggalin ang metro at sasailalim sa isang pag-test, kapag hiniling ng customer at ayon sa itinakda sa RMC 13.16.030 at seksyon (B) Pag-test ng Metro sa ibaba. Kung sakaling ang resulta ng pag-test ng metro ay nasa loob ng mga inapubahang limitasyon, at patuloy na kinukwestyon ng customer ang bill sa tubig, magsasagawa ang superintendente ng tubig o ang kanyang hinirang na kinatawan ng isang personal na imbestigasyon ng nasabing lugar na sineserbisuhan ng metro. Kung pagkatapos ng imbestigasyon ay walang makitang dahilan para i-adjust ang nasabing bill, ire-refer niya ang kinokontestang bill sa Lupon para sa panghuling pagpapasya.
- B. Pag-test ng Metro: Kapag kinwestyon ang pagiging tumpak ng metro ng tubig, magpapasimula ang Lungsod, sa kahilingan ng customer, ng isang opisyal na pag-test ng metro na isasagawa nang may bayad tulad ng itinakda sa resolusyon. Ite-test ang metro sa magkakaibang rate ng delivery at kung ang average nitong inirehistro ay higit sa dalawang porsyento (2%) ang sobra sa aktuwal na dami ng tubig na dumadaan sa metro, ire-refund ng Lungsod ang sobrang pagsingil sa customer batay sa test, noong nakaraang labindalawang (12) buwan, maliban kung maaaring ipakita na ang error ay sanhi ng isang bagay na maaaring matukoy kung kailan nagsimula ito. Kung ganito ang kaso, ang labis na pagsingil ay kakalkulahin pabalik sa petsang iyon at hindi na lalampas pa rito. Kung sakaling ang pagiging tumpak ng metro ay natukoy na isang error, lahat ng mga singil sa pag-test at pagpapalit ng metro ay sasagutin ng Lungsod.
- C. Lupon: Para sa layunin ng pagsisilbi sa isang lupon kung saan maaaring isangguni ng mga customer ang kinokontestang bill para sa isang panghuling pagpapasya, bubuuin ang Lupon ng Assistant City Manager at dalawang (2) direktor ng Lungsod, hindi kasama ang mga direktor na nangangasiwa ng Finance and Municipal Utilities and Engineering, na paminsan-minsang hinihirang ng City Manager. Ang mga pagpapasya ng Lupon ay hindi maaaring i-apela.
- D. Pagdinig sa Apela: Pagkatanggap ng reklamo o kahilingan para sa isang imbestigasyon, magtatakda ang Lupon ng petsa ng pagdinig. Pagkatapos suriin ang katibayan na ibinigay ng customer at ang impormasyon sa file sa Lungsod na may kaugnayan sa mga singil sa tubig na kinukwestyon, gagawa ang Lupon ng pagpapasya tungkol sa katumpakan ng mga singil sa tubig at bibigyan ang umaapelang customer ng isang maikling nakasulat na buod ng pagpapasya.
1. Kung napag-alamang hindi tama ang mga singil sa tubig, may ibibigay na iwinastong invoice at ang pagbabayad ng nirebisang singil ay dapat isagawa sa loob ng sampung (10) araw mula sa petsa ng invoice para sa mga nirebisang singil. Kung nanatiling hindi nabayaran ang mga nirebisang singil nang higit sa animnapung (60) araw

pagkatapos maibigay ang naiwastong invoice, puputulin ang serbisyo sa tubig, sa susunod na regular na araw ng trabaho pagkatapos ng paglipas ng inilaang animnapung (60) araw; basta't kailangang magbigay ang Lungsod sa customer ng Abiso ng Pagiging Overdue alinsunod sa Seksyon II(B)(2), sa itaas. Ibabalik lang ang serbisyo sa tubig kapag nabayaran nang buo ang mga balanse, multa, at anuman at lahat ng naaangkop na mga singil sa muling pagkonekta.

- a. Kung napag-alamang tama ang mga singil sa tubig na kinukwestyon, dapat bayaran ang mga singil sa tubig sa oras na inilabas ang pagpapasya ng Lupon.
- b. Kung sakaling hindi binayaran nang buo ang mga singil sa loob ng animnapung (6) araw pagkatapos ng petsa ng billing, magbibigay ang Lungsod ng Abiso ng Pagiging Overdue alinsunod sa Seksyon II(B)(2), sa itaas, at maaaring magpatuloy sa pagpuputol ng serbisyo sa property ng customer.
- c. Anumang labis na singil ay ipapakita bilang credit sa susunod na regular na bill sa customer, o ire-refund nang direkta sa customer, sa pagpapasya ng Lungsod.
- d. Ang serbisyo sa tubig sa sinumang customer ay hindi puputulin habang nakabinbin sa Lupon ang apela ng customer.
- e. Ang pasya ng Lupon ay pinal, dapat sundin ayon sa batas, at hindi na maaapela.

- V. **Pagpapanumbalik ng Serbisyo:** Upang maipanumbalik o maipagpatuloy ang serbisyo na pinutol ng Lungsod dahil sa hindi pagbayad, maaaring hingin sa customer na magbigay ng deposito bilang paunang bayad para muling magamit ang account ng customer sa pampublikong serbisyo. Sisikapin ng Lungsod na isagawa ang muling pagkonekta sa pinakamadaling panahon hangga't maaari at praktikal bilang kaluwagan sa customer. Hindi lalampas sa pagtatapos ng susunod na regular na araw ng pagtatrabaho ang muling pagkonekta kasunod ng kahilingan ng customer at pagbabayad ng anumang naaangkop na mga deposito bilang paunang bayad.

Talahanayan 1 – Matrix ng mga Opsyon sa Pagbabayad

Paraan ng Pagbayad	Tinatanggap na mga Uri ng Pagbayad	Bilis ng Pagproseso	Pagiging Available	Address/Lokasyon
Sa pamamagitan ng Koreo (mail)	Tseke/Money Order/ Cash (hindi inirerekomenda)	3-10 Araw ng Negosyo	24/7	I-mail ang mga tseke na nakapangalan sa: City of Redlands P.O. Box 6903 Redlands, CA 92375 0903
Night Drop Box	Tseke/Money Order/ Cash (hindi inirerekomenda)	Susunod na Araw ng Negosyo	24/7	Matatagpuan ang Night Drop Box sa harap ng Tanggapan ng Revenue Division: 35 Cajon Street, Suite 15-B Redlands, CA 92373
Nang Personal	Tseke/ Money Order/ Cash/ Credit Card	Parehong Araw*	Lunes-Huwebes 7:30am-5:30pm Sarado ang tanggapan sa kada makalawang Biyernes	Dalhin ang bayad sa tanggapan ng Customer Service: 35 Cajon Street, Suite 15-A Redlands, CA 92373
Tseke sa Pamamagitan ng Telepono (aka Q-check)	Tseke	Parehong Araw*	Lunes-Huwebes 7:30am-5:30pm Sarado ang tanggapan sa kada makalawang Biyernes	Pakitawagan ang Customer Service/ Billing sa: (909)798-7516 O Bumisita sa tanggapan ng Customer Service: 35 Cajon Street, Suite 15-A
1-2-3 Done! Program	Libreng Automated na Debit Program (ACH) mula sa itinalagang bank account	Ida-draft sa takdang petsa ng pagbabayad ng customer (ipapadala ang file sa bangko 3 araw bago nito)	Awtomatikong umaandar ang programa, maaaring mag-sign up para dito online nang 24/7	https://www.cityofredlands.org/utilities-customer-service O www.redlandscustomerservice.org
Online Banking	Online na pagbabayad na pinoproseso ng sariling bangko ng customer	3-10 na Araw ng Negosyo	24/7	Online na Bank Account ng Customer
Speed Pay - Online	Credit Card, ATM/debit card, o draft mula sa isang itinalagang bank account	Susunod na Araw ng Negosyo*	24/7	Kung may Redconnect account ang customer, maaari nilang i-access ang Speedpay sa pamamagitan ng: https://myredconnectaccount.org/iwr/user/login.seam O www.redlandscustomerservice.org
Speed Pay – Voice Response Unit	Credit Card, ATM/debit card, o draft mula sa isang	Susunod na Araw ng Negosyo*	24/7	Tawagan ang toll-free number ng Speedpay, 1-866-269-2896

	itinalagang bank account			
Speed Pay - Extranet	Credit Card, ATM/debit card, o draft mula sa isang itinalagang bank account	Susunod na Araw ng Negosyo*	24/7	Ginagamit ng mga kinatawan ng Customer Service ang Speed Pay – Extranet para sa mga customer na hindi alam ang huling apat na numero ng account holder SSN (nangungupahan/kasero)

*Maaaring maningil ng bayarin sa pagiging kumbinyente (convenience fee)